

Programang Tulong sa Paupa sa Emerhensiya

County ng San Diego



Programang Tulong sa Paupa sa Emerhensiya ng COVID-19

Ikaw ba ay isang residente sa County na nangangailangan ng tulong dahil sa pinansiyal na kahirapan dulot ng COVID-19 na pandemiko ?

Ang County ng San Diego ay nagtatag ng Emergency Rental Assistance Program (ERAP) upang tumulong sa karapat-dapat na mga sambahayan sa mga kwalipikadong mga lugar na pinansiyal na naapektuhan ng COVID-19 na pandemiko. Ang programa ay nagkakaloob ng tulong hanggang \$3,000. Lahat ng mga aplikante ay susuriin base kung kaninong aplikasyon ang unang dumating at ang tulong ay ididirekta sa kasero, landlord o may-ari.

Pamantayan ng Pagiging karapat-dapat:

- **Mga Lugar ng Pagiging Karapat-dapat:** ang mga indibidwal at mga pamilya sa buong county (hindi pinagkaisang mga lugar at 18 na hindi pinagkaisang mga lungsod). Ang mga residente na nainirahan sa loob ng hurisdiksyon kasama ang kanilang programang relebo sa paupa sa COVID-19 ay hindi karapat-dapat para sa programa ng County maliban sa mga pondo ng sariling hurisdiksyon na nagamit na.
- **Karapat-dapat na Kita:** Ang kita ng sambahayan ay dapat nasa 60% o mas mababa sa Kalagitnaang Kita sa Lugar o Area Median Income na itinatag ng Departamento ng Pabahay at Pangkaunlaran sa Lungsod sa U.S. (Tignan ang 60% AMI na tsart sa ibaba)
- **Pinansiyal na Kahirapan Kaugnay sa COVID-19 :** Ang mga sambahayan ay nakaranas ng tiyak na pinansiyal na kahirapan kaugnay sa COVID-19. Kasama dito ang kawalan o pagbawas ng kita dahil sa COVID-19 o pagtaas sa gastusing medikal na resulta ng COVID-19.
- Hindi dapat tumatanggap ang mga sambahayan ng anumang ibang uri ng subsidy sa paupa tulad ng Seksyon 8 o ibang programang tulong sa paupa, mabilis na tulong sa muling pagtira , o tulong sa paupa mula sa walang-tubong mga ahensiya.

Pakitandaan: Ang kasero o landlord ng sambahayan ay dapat sumang-ayon na makilahok sa programa para sa County ng San Diego upang maproseso ang isang-beses na ipinagkaloob na tulong sa paupa tuwing emerhensiya.

Simula Disyembre 1, 2020

Mag-aplay online:

Ang County ng San Diego ay tatanggap ng mga aplikasyon hanggang maubos ang pondo.

Ang mga interesadong mga indibidwal ay maaaring mag-aplay [dito](#). Isang aplikasyon lamang kada sambahayan ang maipropose. Maaaring istek ng mga aplikante ang kanilang katayuan sa portal ng aplikasyon sa anumang oras ng pagpropose.

Kung wala kang access sa internet at kailangan ng tulong sa pagkumpleto ng isang aplikasyon, tumawag sa (858) 694-4801. Isang ahente sa telepono ang maaaring makatulong sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon sa ERAP, bumisita sa www.sdhcd.org

Mga Limitasyon ng Kita sa County ng San Diego	
Laki ng Pamilya	Limitasyon ng Kita (60% Kalagitnaang Kita sa Lugar)
1	\$48,540
2	\$55,440
3	\$62,400
4	\$69,300
5	\$74,880
6	\$80,400
7	\$85,980
8	\$91,500